Proseso ng Muling Paghahati ng Distrito ng Lungsod ng _____

Sa bawat sampung taon, gumagamit ang mga lokal na pamahalaan ng bagong census na datos para muling iguhit ang mga hangganan ng kanilang distrito upang maipakita kung paano nagbago ang lokal na populasyon. Hinihingi ng Assembly Bill 849 (2019) sa mga siyudad at bansa na makipag-ugnay sa mga komunidad hinggil sa proseso sa muling paghahati ng distrito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pampublikong pagdinig at/o mga workshop at paggawa ng pampublikong paglilingkod, kabilang ang mga komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles.

Ano ang muling paghahati ng distrito?

Sa bawat sampung taon, dapat na muling iguhit ang mga distrito para ang bawat isa ay may parehong dami ng populasyon. Ang prosesong ito, na tinatawag na muling paghahati ng distrito, ay mahalaga sa pagtiyak na ang bawat miyembro ng konseho ng lungsod ay kumakatawan sa halos parehong bilang ng mga nasasakupan. Sa [City], ang Konseho ng Lungsod ay responsable sa pagguhit ng mga distrito ng konseho. Ginagawa ang muling paghahati ng distrito sa pamamagitan ng datos ng U.S. Census, na inilabas bandang Marso 31, 2021. Para sa Lungsod ng [city], ang proseso sa muling paghahati ng distrito ay dapat nakumpleto sa [date].

Bakit mahalaga sa akin ang muling paghahati ng distrito?

Tinutukoy ng muling paghahati ng disrito kung aling mga kapitbahayan at komunidad ang pinagsasama-sama sa isang grupo upang maging distrito para sa mga layunin ng pagpipili ng miyembro ng konseho.

Ang ating independiyenteng komisyon sa muling paghahati ng distrito, na binubuo ng mga miyembro ng publiko, ay magbibigay ng ideya sa pagpili ng susunod na mapa ng distrito para sa ating mga distrito ng konseho. May pagkakataon kang ibahagi kung paano sa tingin mo ay dapat iguhit ang mga hangganan ng distrito para pinakamahusay na kumatawan sa inyong komunidad.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Klerk ng Lungsod sa _____upang makaalam ng higit pa kung paano gumagana ang proseso.

Ano ba ang hitsura ng kasalukuyang mga distrito ng konseho?

Makakakita ka ng isang mapa ng kasalukuyang mga distrito ng konseho ng Lungsod dito: [link]

Anong batayan ang gagamitin kapag iguguhit ang mga hangganan ng distrito?

Sa lawak na praktikal, ang mga hangganan ng distrito ay gagawin gamit ang sumusunod na batayan: (1) mga distrito na magkakalapit sa heograpikal na paraan (bawat konseho ng lungsod sa distrito ay dapat may parehong border sa katabi nito), (2) ang heograpikong integridad ng lokal na mga kapitbahayan o komunidad ay igagalang sa paraang mapapaliit ang dibisyon nito, (3) ang heograpikong integridad ng lungsod ay igagalang sa paraang mapapaliit ang dibisyon nito, (4) madaling makilalang mga hangganan na sumusunod sa natural o artipisyal na mga harang (mga ilog, daan, highway, riles ng tren, atbp.), at (5) iguguhit ang mga hangganan upang humikayat ng pagiging siksik sa heograpiya. Dagdag pa, hindi iguguhit ang mga hangganan para sa mga layunin na magbibigay ng pabor o pagtatangi laban sa isang pulitikal na partido.

Paano ipapaalam sa publiko ng aming Konseho ng Lungsod ang tungkol sa muling paghahati ng distrito?

Ang ating Konseho ng Lungsod ay makikipag-ugnayan sa lokal na media upang isapubliko ang proseso ng muling paghahati ng distrito. At saka, gagawa kami ng taimtim na pagsisikap upang ipaalam sa iba't ibang uri ng mga grupo sa komunidad ang tungkol sa proseso ng muling paghahati ng distrito. Ang ating pampublikong [hearings] [or] [workshops] ay ibibigay sa naaangkop na mga wika kung maagang magsusumite ng kahilingan ang mga residente. Ipapaalam ng aming Lungsod sa publiko ang tungkol sa [hearings] [or] [workshops] ng muling paghahati ng distrito, mag-post ng mga mapa sa online bago ang pagpapatupad nito, at gumawa ng web page na para lamang sa lahat ng nauugnay na impormasyon tungkol sa proseso ng muling paghahati ng distrito.

Paano ako makakalahok?

Magsasagawa ang aming komisyon sa muling paghahati ng distrito ng [mga pagdinig] [o] [workshop] para tumanggap ng ideya mula sa publiko kung saan dapat iguguhit ang mga hangganan ng distrito. Ang [hearings] [or] [workshops] na ito ay gaganapin sa:

[Date, location, time]

Maaari ka ring magsumite ng pampublikong mga komento, pati na ang iminungkahing mga mapa, sa pagpapadala ng email: [email]

Saan ako makakakita ng higit pa?

May pinapanatiling webpage ang Lungsod tungkol sa proseso nito ng muling paghahati ng distrito dito: [link]